Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-11 NG ENERO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni (Nakabakasyon) |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 03-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HUMIHILING SA TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD AT SA LOCAL FINANCE COMMITTEE NA GAWING ISA SA MGA PRAYORIDAD ANG PAGBILI NG BAKUNA LABAN SA COVID-19 VIRUS PARA SA MGA MALOLENYO AT MAKASAMA ANG PAGLALAAN SA 2021 ANNUAL BUDGET NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG HINDI BABABA SA HALAGANG ISANG DAANG MILYONG PISO (Php100,000,000.00) PARA DITO.**

**Akda nina: Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO, Kgg. MICHAEL M. AQUINO, Kgg. EMMANUEL R. SACAY, Kgg. LUIS ALFONSO M. ARCEGA at Kgg. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** noong 09 Marso 2020, dahilan sa paglaganap ng COVID-19 virus, isinailalim ni Pangulong Rodrigo Duterte sa State of National Health Emergency ang buong bansa at noong 12 Marso 2020 ay idineklara ang iba't-ibang Community Quarantine sa mga lugar sa buong bansa;

**SAPAGKAT,** noong ika-16 ng Marso 2020 ay nagsimulang isailalim ang Luzon sa Enhanced Community Quarantine dulot ng pagkalat ng pandemyang COVID-19 at hanggang sa kasalukuyan ay nasa ilalim pa rin tayo ng Modified General Community Quarantine;

**SAPAGKAT,** base sa pinakahuling datos ng World Health Organization (WHO) ngayong 11 Enero 2021, ang pandemyang COVID-19 ay nakaapekto na sa 90,676,345 katao sa buong mundo - 23,936,150 Active Cases, 1,942,545 Deaths at 64,797,619 Recoveries;

**SAPAGKAT,** sa pinakahuling datos ng Department of Health (DOH) ngayong 11 Enero 2021, nakapagtala na ang Pilipinas ng kabuuang 487,690 na kaso ng COVID-19 - 20,087 Active Cases, 9,405 Deaths at 458,198 Recoveries;

**SAPAGKAT,** sa pinakahuling datos ng Lungsod ng Malolos nitong 08 Enero 2021, may kabuuang 1,079 na ang Malolenyong apektado ng COVID-19 - 53 Active Cases, 47 Death at 979 Recoveries;

**SAPAGKAT,** sa kasakuluyan ay nakatuon ang lahat ng pamahalaan sa buong mundo sa pagbabakuna sa kanilang mamamayan kontra sa COVID-19 kabilang na ang Pamahalaang Nasyunal ng Pilipinas. Katunayan nito ay ang pakikipag-usap sa ilang mga kompanyang maaring mag-suplay ng bakuna sa ating bansa;

**SAPAGKAT,** batay sa Inter-Agency Task Force (IATF) Against COVID-19, ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring bumili at makakuha ng supplies ng Corona Virus Vaccine sa pamamagitan ng *Tripartite Agreement* kasama ang mga manufacturers at ang Pamahalaang Nasyunal;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** marapat lamang na gawing isa sa mga prayoridad ng Pamahalaang Lokal na itaguyod ang kalusugan at kaligtasan ng kanyang nasasakupan laban sa pandemya ng COVID-19 virus;

**SAPAGKAT,** sa inihandang Taunang Badyet ng Executive Department para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng humigit-kumulang 1.4 Bilyong Piso ay walang nakalaang partikular na pondo/halaga para ipambili ng napakahalagang bakuna para sa mga Malolenyo;

**SAPAGKAT,** ang Taunang Badyet ay kasalukuyang nirerebisa pa ng Local Finance Committee at hindi pa tuluyang nare-review at napagtitibay ng Sangguniang Panlungsod;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Dennis D. San Diego** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na mapagtibay ang Kapasiyahang humihiling sa Tanggapan ng Punong Lungsod at sa Local Finance Committee na gawing isa sa mga prayoridad ang pagbili ng bakuna laban sa COVID-19 Virus para sa mga Malolenyo at makasama ang paglalaan sa 2021 Annual Budget ng Pamahalaang Lungsod ng hindi bababa sa halagang Isang Daang Milyong Piso (Php100,000,000.00) para dito.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*01112021